

# 1

Matagal na nakatingin si Cindy sa nakasaradong pinto na nasa dulo ng hallway saka bumuntong-hininga. Doon siya itinuro ng babaeng naka-duty sa reception desk nang sabihin niya na may appointment siya sa vice president ng *Urban Banking & Trust Co.*, isa sa pinakamalaking bangko sa bansa.

Sandali siyang pumikit upang magdasal na sana ay bigyan siya ng Diyos ng dagdag na lakas ng loob upang kaharapin si TJ Tantiangco. Ito ang lalaking ipinangako niyang hinding-hindi na niya kakausapin habang nabubuhay siya. Hay... Sana nakinig siya sa kasabihan ng matatanda na hindi siya dapat nagsalita nang tapos.

Hah! Mapapalaban siyang tiyak sa pakikipagharap sa anak ni Tito Johnny, ang matalik na kaibigan ng kanyang Auntie Muriel at siyang gumarantiya ng loan na nilakad niya sa bangkong pagmamay-ari ng pamilya ng mga ito. Kompleto na ang kanyang mga papeles pati ang guarantor na kailangan niya. Ang problema, kailangan niyang makipag-usap sa pinakamayabang na lalaking nakilala niya upang aprubahan ang loan. At iyon nga ay si TJ.

Pero importante sa kanya ang loan dahil doon ay maisasakatuparan nila ng tiyahin ang matagal na nilang binabalak na expansion ng *Mariano's*. Ito ang family restaurant nila na ang lolo at lola pa niya ang nagtatag. Sa ngayon ay ang Auntie Muriel na matandang dalagang kapatid ng kanyang ina at siya ang nagpapatakbo niyon. Ito na rin ang tumayong ina at ama niya nang maaga siyang maulila dahil parehong namatay ang kanyang mga magulang sa isang car accident.

*“Kaya mo siya, Cindy! Kaya mong harapin ang lalaking ‘yon. Kahit si TJ Tantiangco pa siya! pagbibigay niya ng lakas ng loob sa sarili.*

Pero hindi nakatulong ang huli niyang self-dialogue. Dahil naalala niyang hindi nga pala isang ordinaryong lalaki ang kakaharapin niya. Si TJ iyon—isang Tantiangco, ang pinakaarogante, pinakamayabang at pinakasupladong lalaki na nakilala niya.

Pagmulat niya ng mga mata ay nakita niya ang isang magandang babaeng humahangos na naglalakad sa direksyon niya kasunod ang isang matangkad na lalaki. Ngunit sa mukha ng babae napatuon ang pansin niya. Nakilala niya ito dahil lagi niya itong nakikita sa TV. Ito si Bettina Marcelo,

isang beauty queen at pamosong commercial at ramp model.

“How dare you make me choose between you and my career?” sabi ni Bettina sa malakas na boses na tumigil saglit sa paglalakad at hinarap ang lalaking kasunod nito. Ang lalaki ay walang iba kundi ang pakay ni Cindy. “How dare you propose to me na parang isang business proposal lang ang sinasabi mo? You’re a cold-hearted beast, TJ Tantiangco! I rue the day when I let myself fall for the likes of you!” anito.

Parang *déjà vu* ang nangyayari sa kanya ngayon. Once when she was in high school, she also witnessed someone proposed his eternal love to another girl and heard the girl pointblankly turned down the proposal of the guy. Ang lalaking iyon ay walang iba kundi si TJ.

Nang pagharap ng babae sa kanya ay sandali itong natigilan. “Get out of my way!” sigaw nito nang makahuma.

Nabigla ngunit kaagad na sinunod ni Cindy ang utos ng modelo habang sinusundan ito ng tingin. Sa pagbaling ng kanyang mukha ay nakita niya si TJ na nakapamaywang. Nakatuon ang matiim na tingin nito sa kanya at hindi sa babaeng nakipag-break dito.

*A Wedding Proposal - Ianne Lei Lauren*

---

Nakatingin ito sa kanya na para bang may kasalanan siya sa nangyari rito ngayon-ngayon lamang. She wanted to confront him but couldn't because she felt now was not the right time. Katatapos lang ng relasyon ng aroganteng lalaki sa babaeng iyon. May puso rin naman siya kahit papaano at marunong makisimpatiya maging sa kaaway.

“Hello, Cinderella. We meet again,” anito.

Muli niyang tinipon ang lakas ng loob na saglit na nawala kanina at hindi pinansin ang tono ng lalaki. “Sa tingin ko, hindi ito ang tamang panahon para makipag-usap sa ‘yo. Maybe I’ll ask again for another appointment,” aniya saka ito tinalikuran.

“Stay,” saad ng binata sa mababa at seryosong boses.

Mas tama pang sabihin na malamig at parang walang pakiramdam ang boses na iyon. Nilingon niya si TJ na noon ay nakakunot na ang noo.

Tumaas ang isang kilay ni Cindy. Bakit ba ganito makaakto ang lalaking ito na para bang kasalanan niya na naroroon siya at nakita na naman niyang may babaeng nakipag-break dito? She had an appointment with him, for goodness’ sake! Hindi niya pinlano na ma-witness ang mga trahedyang ng love life nito.

As if naman may pakialam siya doon!

“My schedule for the month is full. Isiningit ka lang ni Papa kaya kung gusto mo akong kausapin, ngayon na before you upset my schedule again,” anito at mabilis na tumalikod sa kanya.

Natameme si Cindy. Pakiramdam niya ay ipinako siya ng binata sa dapat niyang kalugaran. He hinted that he was an important man to the world in which the Tantiangco belonged, laging may gustong makipag-usap dito, humingi ng appointment, makipagnegosasyon o makipagsosyalan. Isa lamang siyang pabor na pinagbigyan nito para sa ama nito.

It had been seven years since they had their last encounter. Ang laki ng ipinagbago nito sa pitong taong iyon. At bagaman laging pumupunta sa *Mariano's* si Tito Johnny upang magkape o makipagkuwentuhan sa kanila, they never saw TJ since the last time na nakipag-away siya rito. He was definitely taller now, broader and much, much more handsome than he was in his college years. Isa lamang ang masasabi niyang ugali nito na sa halip na tanggalin ay lalo pa yatang nadagdagan. Ang kasupludahan nito.

“Time’s ticking. Cinderella. I don’t care if you’d like to waste yours. Just not mine.”

Kitang-kita ni TJ nang mamula ang mukha at nanlaki ang mga mata ni Cindy. Mariano dahil sa pagsusuplado niya rito.

Aminado siyang katulad noon, kapag ang babaeng ito ang kanyang kausap ay lumalagpas sa limit ang pagiging suplado niya. But he felt he needed someone to vent his anger on. Nagkataong nakaharang si Cindy sa kanyang daan kaya ito ngayon ang napagdiskitahan niya.

Or was he angry because she was there, and witnessed again for the second time the incident where a woman broke up with him and not the other way around? At sa pangalawang pagkakataon ay napahiya siya sa harap nito?

Kaagad niyang pinalis sa isip ang mga ideyang iyon. Walang epekto sa kanya si Cindy kundi purong iritasyon lamang. Amusement din, kapag ibinabalik niya rito ang iritasyon na nararamdaman at inaasar ito.

“Hindi ka pa rin nagbago, ubod ka pa rin ng yabang,” dinig niyang sabi ng dalaga, may himig ng sarkasmo sa tinig.

Nilingon ni TJ ang nagsalita; naiinis na ito. His

mood started to light up solely because of that.

“And you’re still a gossipmonger, lingering around, snooping for news about other people’s lives. Then break it out to other people for your personal amusement. You haven’t changed, either.”

He was young back then when he proposed to Shiela Andejar, some seven years ago. Isa itong star cheerleader sa school nila at childhood friend niya. Katulad niya ay makapangyarihan din ang pamilya nito at marami ang nagsasabi na their relationship was made in heaven. He almost believed that. Pero tinanggihan nito ang alok niya at sinabi sa kanyang may mahal itong iba. It hurt him when he learned that because he didn’t like being rejected. Moreso, it hurt his ego dahil ipinagpalit siya nito sa karibal niya, kay Raphael Buenaidez.

It was another blow that somebody witnessed it. Ang masama pa ay pinagsabi nito iyon sa iba. Naging katatawanan tuloy siya sa eskuwelahan noon. That person, he found out later on, was named Cinderella or Cindy Mariano.

He became annoyed with her since then. Lalo na nang kumpirmahin nito na ipinagkalat nga nito ang pagkapahiyang nangyari sa kanya although she denied it at first. Napakataray ng babae at wala silang

argumento nito na hindi ito ang nananalo.

Nakadagdag sa inis niya kay Cindy ang pagpabor dito ng kanyang ama na nalaman niyang kaibigan pala ng tiyahin nito noong kabataan. Isa pa iyon. It got a biting feeling inside him. Mas anak pa nga ang trato nito sa babae kaysa sa kanya na sariling dugo at laman nito. Why was that so?

*“Learn to like Cindy, TJ.”* Iyon ang sinabi ni Mr. Johnny Tantiangco nang ibinibilin nito sa kanya ang meeting niya sa babae. *“Wala ni isa man sa mga babaeng ipinapakilala mo sa akin ang makakapareho ni Cindy sa ugali. Those girls you’re after are not worth my time. Kung si Cindy, p’wede pa...”*

Sawang-sawa na siya sa kasasabi nito ng ganoon na parang suwerteng-suwerte ang sinumang lalaking makakatuluyan ng babaeng iyon. Na hindi niya mapaniwalaan dahil iba ang Cindy na kilala niya sa Cindy na sinasabi ng ama niya. Maaaring ginayuma ng dalaga ang kanyang papa kung kaya gustung-gusto ito ng matanda para sa kanya.

He knew he scheduled a meeting with her today. At anumang oras ay maaaring dumating ito. Pero dumating din sa opisina niya si Bettina, his current girlfriend... now his ex.



## *A Wedding Proposal - Ianne Lei Lauren*

---

Matagal na niyang balak na mag-propose dito simula nang maging open ang posisyon ng pagiging president ng *UBTC* dahil sa napipintong pagreretiro ng papa niya at sa kumakalat na balita that the members of the board didn't believe he was qualified for the job.

He had to find a wife, his father said, again hinting Cindy for that position. Para raw maging stable ang tingin sa kanya ng board of directors at siya ang i-elect bilang president. Na para bang ang pag-aasawa ay isang negosyo lamang na kailangan niyang maging practical.

Of course, he couldn't agree more. Matalinong tao ang kanyang papa at tama lang ang sinabi nito. Ano na lang ba ang isang pirasong papel na nagsasabing may-asawa na siya? That piece of paper won't stop women from coming after him, he was sure of that. Pero hindi rin naman niya gustong hindi siya masisiyahan sa kanyang magiging asawa. Kay Cindy nga lamang sumasabay ang kanyang ama.

So following his better judgement, he proposed to Bettina. She was the nearest person to whom he was comfortable with.

But she denied him.

At muli, nakita ni Cindy ang kahihiyang iyon.

---

Hindi makapaniwala si Cindy sa nangyari sa kanya. Sa dinami-dami ng puwede niyang masuungang sitwasyon, bakit naman ganoon ulit? Pinaglalaruan ba siya? Ngayon, habang nakatingin siya sa malapad na likod ng buwisit na si TJ, nagdadalawang-isip siya kung tutuloy pa ba siya o hindi na.

*Think about the loan!* sabi niya sa sarili.

*I can think about my neck,* saad naman ng isang bahagi ng utak ng dalaga.

“Are you coming?” ani TJ na nakalingon sa kanya, may bahid ng iritasyon sa boses ngunit hindi niya maipagkakamali ang kinang na nakikita niya sa mga mata nito.

Siguro ay comedy ang dating niya sa binata. She could see that he was suppressing a smile. Nainis siya dahil doon. At sino ang lalaking ito para gawin siyang parang batang takot na takot dito?

Hah! Hindi niya ibibigay rito ang ganoong satisfaction.

She gathered her courage and followed him until they reached his office. Pinagbuksan siya nito ng pinto

nang papasok na sila sa loob ng silid nito.

Katahimikan ang sumunod na namayani. Hinintay ng dalaga ang sasabihin ng dating schoolmate, pero wala siyang narinig mula rito. Nang nilingon niya ito ay nakita niyang pinag-aaralan siya nito. Or better yet, ang likuran niya habang walang kahihiyan na hinahagod ng mga mata nito ang kanyang mga binti at buong katawan.

Humarap si Cindy sa lalaki habang nararamdaman ang pag-init ng kanyang mukha. At ang hudyo ay ngumisi lamang nang magtama ang kanilang mga mata!

Kung ikukumpara niya ang sarili kay Bettina Marcelo ay alam niyang wala siyang panama dahil isa sa pinakamagaganda at sexy na babae sa bansa ngayon ang modelo.

She wasn't ashamed of herself, though. May mga nanliligaw rin naman sa kanya kahit na umabot siya sa edad na twenty-six na wala pa ring nobyo. Hindi niya alam kung bakit wala siyang mapili sa mga manliligaw niya. Lagi siyang may hinahanap sa mga iyon na hindi niya matuloy kung ano.

“Nice legs,” komento ni TJ, nakangisi ito na para bang hindi nangyari ang eksena kanina lamang.

Kaagad na nagsalubong ang kanyang mga kilay.  
“How dare—”

“But we are not going to talk about your legs, are we? Please have a seat,” putol ni TJ at itinuro ang visitor’s chair sa harapan ng malapad na working desk nito.

His office was big and spacious. Maganda ang taste nito sa interior niyon, simple and no-clutters, entirely masculine. The whole office was in a tone of gray, silver and black.

Lumapit sa mesa ang lalaki pero hindi naupo sa itim na leather executive chair nito. Instead, he leaned against the edge of his big table, nakaharap sa kanya. His expression was belied by his casual stance.

“Ano nga ba ang dahilan at nagpunta ang mataray na si Cinderella Mariano sa aking teritoryo? Na pagkatapos mangako sa akin noon na hinding-hindi ako kakausapin kahit kailan, kahit ako na lang ang huling lalaki sa mundo ay naririto ka ngayon sa loob ng aking opisina? Hmm?”

“Alam mo ang dahilan kung bakit ako naririto, Tantiangco. Your father said I should meet you so we could talk about the terms of our new loan,” naiinis pero buo pa rin ang pagpapasensyang sagot ng babae.

Kailangang kalmahin niya ang sarili dahil siya ang may kailangan sa binata at hindi vice versa.

“Ah, yes! The loan. It feels bad, isn’t it? Now that you have to beg something from me when you promised that you’d die first before you do so. Especially when I have the power to say yes or no to your loan request. It’s like rubbing the wound with salt.”

Kung puwede lang na mga kutsilyo ang mga mata niya ay baka matagal na niyang napagtataga ang lalaki. She had never felt so humiliated before! Kung naging insekto lang ang kausap ay matagal na niya itong natiris!

“Alam kong nasa sa ‘yo ang mga papeles namin. For the past three years, *Mariano’s* has been operating well. You should know that, Mr. Tantiangco, if you bother to look into our financial statements. And that is, if you’re going to be professional and act fairly this time,” matigas at may patutsadang sagot niya.

“Are you trying to insult me, Miss Mariano? Are you implying that I’m not professional?” nakataas ang dalawang kilay na marahang tanong nito.

“Ikaw ang may sabi n’yan, hindi ako.”

Nagpakawala ito ng maikli pero nang-uuyam na

tawa. “Ibang klase ka talaga. Baka nakakalimutan mong sa ating dalawa ay *ikaw* ang may kailangan sa akin at hindi ako. You should be wooing me.”

Natameme si Cindy. Buwisit talaga ang lalaking ito! Ang galing magpamukha na sa kanilang dalawa ay ito ang may-kaya at makapangyarihan.

“Cat got your tongue?” pang-aasar pa nitong lalo habang ngising-ngisi sa kanya.

“Alam kong may kailangan kasi sa ‘yo, Tantiangco, at malaki ang utang-na-loob ng pamilya namin sa pamilya n’yo. Hindi mo na kailangan pang ipagkamali ‘yon, matagal ko nang alam. But we are creditors of good standing. Alam mo rin ‘yan dahil sigurado akong nakita mo na ang records ng payment namin sa principal amount ng huling utang namin dito sa bangko n’yo.”

Nagkibit-balikat ito. “You know, I would have made things easier for you kung hindi ka lang nakikinig sa usapan ng may usapan.”

Sabi na nga ba niya at iyon ang dahilan kung bakit nasa mood ng pang-aasar si TJ ngayong nagkita silang muli. Pero kailan ba nawala rito ang mood na iyon sa tuwing nagkikita sila? Paikot-ikot na lamang ang usapan! Nagbilang siya hanggang sampu para

makontrol ang sarili at huwag patulan ang retardate na lalaki.

“Wala akong balak pag-usapan ang tungkol sa nangyari kanina. Ang dapat nating pag-usapan ngayon ng tungkol sa loan namin. The chairman has already approved the new loan at sa ‘yo lamang natetengga!” gigil na sabi niya.

“Hiding behind my father’s back again? Do you think I will let you go after the incident kanina sa corridor?” tila nakakalokong saad ng lalaki.

“Your personal life does not interes me, Tantiangco. Ang tungkol sa loan ang ipinunta ko rito. And I don’t hide behind Tito Johnny’s back!”

“What’s the matter? I’m only returning the same courtesy you gave me seven years ago nang pinili mong hindi tumupad sa usapan natin,” tila walang anuman na turan nito.

Pumikit ang dalaga at muling bumilang ng hanggang sampu. *Patience, Cindy, patience. Think about the loan*, paalala niya sa sarili. Nang magmulat siya ay nakita niya ang amusement sa mga mata ng kausap. He was enjoying their trade. Pero hindi iyon ang ipinunta niya roon.

“Okay, Mr. Tantiangco, let us talk sensibly, shall

we? I came here because of the loan. We are going to talk only about the loan, nothing more,” animo’y parang bata ang sinasabihan niya na idinidiin ang bawat salita sakaling hindi iyon makapasok sa utak nito. “Hindi ko kasalanan that you were dumped, today that must have been the reason for your sour mood. I wouldn’t comment on that. I don’t care about that. And please, tapos na tayo sa ganoon.”

“Hah! We will not talk about that if I let you,” matigas ang ulong pahayag ni TJ. Halata ang pagkainis sa tono nito, nawala nang kaunti ang composure.

“Okay. So, ano’ng gusto mong pag-usapan natin tungkol d’on?” walang nagawang sagot niya sa binata.

“We’re not going to discuss it. I’m only going to tell you that you shall not tell anybody regarding that or else...”

“Oh, yes. Here we go again. Magbabanta ka na naman. Ipinagdidiinan mo ulit na tsismosa ako and that I enjoy deploring your reputation to the glorious high society that you belong. Okay, tsismosa na ako but I promised that I won’t tell a soul about it. Happy?” aniya na sinimangutan ang kausap.

“I don’t trust you,” simple nitong sabi. “I’ve been burned by you once.”



“So what’s the point of this discussion?” Tuluyang sumabog ang pasensya ni Cindy. “Hindi mo naman pala ako pagkakatiwalaan, pero ipinagpipilitan mo pa ring pag-usapan natin ang pagda-dump sa ‘yo *fortunately* ng Bettina Marcelo na ‘yon,” tuluy-tuloy na pakli niya. Idiniin pa niya ang sariling ‘*fortunately*’ na lalong ikinakunot ng noo ng binata.

“I’m only warning you,” anito. “Don’t be a gossipmonger if you don’t want to regret it in the end. And mind you, it’s a threat.”

“Sinabi ko na sa ‘yo, *hindi* ko ginawa ang ibinibintang mo sa akin noon,” exasperated na balik ni Cindy.

“You said that before and you also said otherwise. Saka sino lang ba ang may alam sa nangyari noon bago pa iyon kumalat sa buong campus?”

Napabuntong-hininga siya. She should have expected this. Hindi niya kailanman nakasundo ang TJ Tantiangco na ito. “So my point of going here and meeting you results to nothing?” pormal niyang sabi.

Pinagkrus nito ang mga braso sa dibdib. He gave her a smirk. She knew he was happy that he won this round against her. “I’m happy that you see it my way. Happier that this time around, I made you upset.”

## 2

He was happy because he made her upset! Tama ba iyon? At ano ang karapatan nitong galitin siya? Naku naman talaga!

Halos tatlong araw ay iyon na rin ang ipinagsisintir ni Cindy. High blood na high blood siya sa kinalabasan ng meeting niya sa binata kaya iyon pa rin ang nasa isip niya.

Mas mabuti nga sana kung na-high blood siya sa meeting lang na iyon. Nang papalabas na kasi siya ng building ay hinarang pa siya ng mga guards. Nagtagal pa siya sa pagpapaliwanag sa mga ito na nakausap na niya ang VP dahil unang-una ay hindi siya paniwalaan ng mga ito. Tumawag nga ang mga ito sa opisina ni TJ, pero hindi siya i-acknowledge ng lalaki at sa halip ay pinapaghintay pa siya ng kalahating oras bago tuluyang paalisin ng building.

Kung mal-edukado lang siyang tao, baka pinatulan na niyang tuluyan si TJ at ipagkalat na nga lang niya ang ginawang pagda-dump dito ni Bettina. Ang insidenteng nasaksihan niya seven years ago ay sinabi lang niya sa best friend na si Cate—and only Cate—because she couldn't contain the feeling inside

her any longer. Sigurado siyang hindi madaldal ang kaibigan na naging malapit sa kanya simula pa nang nasa lampin pa sila.

Oh, that would be a feast to his peers, lalo na iyong inggit na inggit sa binata. He was a Tantiangco, after all.

Nabibilang sa isa sa mga pinakamayayaman sa bansa ang pamilya ng mga ito. Theirs was old money, old name. Along with that were their good looks. Theirs was a mixture of Spanish and Chinese descent. Ang mga babaeng Tantiangco, kung hindi nagiging paboritong cover ng society at fashion magazines ay mga modelo o mga beauty queens. Ang mga binatang Tantiangco ay laging kabilang sa mga most sought-after eligible bachelors sa bansa o kaya ay nasa front page ng broadsheets meeting with the high-profile politicians or businessmen of the country, being leaders of the business community. Sa ngayon ay kasama sa top ten si TJ sa listahan ng isang women's magazine as one of the most successful businessmen.

Pero hindi niya gagawin iyon. Hindi niya magagawang manira ng reputasyon ng iba. Kamalasmalasan lang ni Cindy at hindi siya pinaniniwalaan ng lalaki.

Pero papaano ang restaurant nila? Kailangan

niyang ipakita ang mga dokumento sa auntie niya. Ito ang nagpakahirap para panatilihin ang *Mariano's*. Ito higit kaninuman ang umaasam na makatanggap ng magandang balita. She couldn't disappoint her!

“Kakainis!” anas niya.

“O, Cindy. Kanina ka pa nagmamarakulyo d’yan. Ano ba’ng nangyayari sa ‘yo? May problema ka ba?”

Napatingin siya sa tiyahin na prenteng nakaupo sa paborito nitong silya. Hindi niya sinabi rito ang nangyari sa pakikipagkita niya kay TJ. Ang sinabi niya lang ay hindi pa tapos ang bangko sa pagpoproseso ng mga papeles nila.

Kontrabida talaga ang TJ na iyon sa buhay niya!

“Nag-iisip lang ako, Auntie,” pagdadahilan niya.

Bumalatay ang pagkabahala sa mukha nito. “Bakit? May nangyari bang masama sa *Mariano's*?”

Kaagad siyang umiling. “Wala. Hay naku, Auntie! Hindi ba I told you to stop worrying about the restaurant? Ako na ang bahala d’on.”

“You can’t blame me. Ikaw naman kasi, bakit ka ba lakad nang lakad d’yan at pabalik-balik pa? You look so anxious, what’s wrong?”

Umiling si Cindy. “Nothing, Auntie. Tumawag kasi si Michael. Alam n’yo namang ayaw na ayaw ko sa two-timer na ‘yon, pero hindi pa rin niya ako tinitigilan. ‘Yun lang ang dahilan.”

Matagal na niyang manliligaw si Michael. Sasagutin na sana niya ang lalaki, pero nang mahuli niya ito na may ibang girlfriend ay hindi na niya itinuloy ang balak. Simula noon ay pinilit na niya itong iwasan pero kinukulit pa rin siya ng binata. Hindi yata nito matanggap na sa kanya lamang ito sesemplang at mababasted.

“You know what I think? Dapat siguro tanggapin n’yo na lang ang invitation sa inyo ni Tito Johnny na magbakasyon sa resthouse niya. You have to get away from all of this is so you will stop worrying,” dagdag pa ng nakababatang babae.

“You think so?” tanong nito.

Nginitian niya si Auntie Muriel saka tumungo. “Don’t worry about *Mariano’s*. Ako na ang bahala d’on.” Her aunt mused. Pagkatapos ay muli siya nitong tinitigan. “Ikaw bang bata ka ay hindi napaaway d’on sa anak ni Johnny? Alam ko namang matagal mo nang hindi kasundo ang batang ‘yon.”

Napasulyap si Cindy sa kisame. “Hay naku,

Auntie! Huwag na nating pag-usapan ang lalaking iyon. Kahit kailan, hindi ko makakasundo si TJ. Ewan ko ba kung bakit hindi siya nagmana ng kagandahang-asal sa tatay niya,” naiinis na turan niya.

“At inaway mo nga si TJ? Nakakahiya, anak! Malaki ang utang-na-loob natin sa pamilya nila. Dapat sana’y hinabaan mo ang pasensya mo kung talagang hindi mo kasundo ang binatang iyon,” tuloy-tuloy na sermon nito.

“Auntie naman!” reklamo ni Cindy. “Kahit siguro pari, kapag nakaharap ang kasamaan ng ugali ng lalaking iyon, magre-react din. Alam n’yong hindi rin ako magpapatalo.”

“Kahit na. Alam mong dahil sa kanila kung kaya buhay pa rin ang *Mariano’s* ngayon. Isa pa, nakikita ko rin sa TV ang lalaking iyon kasama ni Bettina Marcelo, mukhang mabait naman at ubod ng guwapo.”

Itinaas niya ang dalawang kamay. “Auntie, I refuse to talk about that man.”

Makahulugan ang tingin na ibinigay sa kanya ng tiyahin. “Baka naman, Cinderella, ‘yang galit mo d’yan kay TJ ay pangtakip lang sa totoong nararamdaman mo,” tukso nito.

Nanlaki ang mga mata niya. “Auntie!”

Tumawa ang babae na kaagad nahinto dahil sa mabilis at sunud-sunod na tunog ng doorbell na narinig nila.

“Ano ba naman ‘yon? Aba’y halos pudpurin ang doorbell natin, ah,” komento nito.

Napatawa si Cindy. “Ako na po ang magbubukas ng gate,” aniya.

“Huwag sana si Michael,” pahabol nito na tinawanan lamang niya uli.

Mahilig talagang magbiro ang auntie niya kaya nga kasundo rin ito ng mga empleyado nila sa restaurant. Sinabi sa kanya ni Tito Johnny, haragan din daw si Muriel noong kabataan pa ng mga ito. One of the boys, wika nga. Nag-mellow lamang ito sa paglipas ng panahon. Sa kanya lang lumalabas ang motherly streak nito. But she wouldn’t complain on that.

Pakanta-kanta pa si Cindy habang nilalakad ang pathway patungo sa gate. Nang buksan niya iyon ay hindi niya inaasahan ang lalaking mabubungaran.

---

“Ano’ng ginagawa mo rito?” salubong sa kanya

ni Cindy na nakakunot pa ang noo.

“We have to talk,” ani TJ sa seryosong tono. Hindi na siya magpapaligoy-ligoy pa. The woman seemed to be having her usual hypertension whenever he was around.

Good. He was also having some hypertension himself.

Uminit ang ulo niya kaninang tanghali nang magkausap sila ng ama. Nakarating dito ang ginawa niyang pagpo-propose kay Bettina at ang kumakalat na balita that the model dumped him. Sermon ang inabot niya kay Johnny nang dahil doon. Kung bakit daw ba hindi na lang si Cinderella ang pinili niyang ligawan at hindi kung saan-saan bumabaling ang tingin.

Gusto niyang sabihin sa papa niya na malabong-malabo na magkagustuhan sila ni Cindy dahil para silang langis at tubig na siguradong hinding-hindi magkakasundo. Aso't pusa sila sa tuwing nagkakaharap. Hindi nga lamang niya magawa dahil sigurado siyang lalo siyang kagagalitan ng kanyang ama.

Para may mapagbalingan ng inis na nararamdaman ay pinuntahan niya ang babaeng siguradong dahilan



ng pagkalat ng balita. Nang ihalintulad ng papa niya si Bettina at nabanggit ang pangalan ni Cindy ay na-realize niya na hindi tumupad ang huli sa kanilang usapan. Katulad ng ginawa nito seven years ago.

Pinagsalikop ng dalaga ang mga braso sa harap ng dibdib. “Demanding ka, ha! At kung hindi ako pumayag, aber? Ano’ng magagawa mo?”

Lalong nag-init ang ulo ni TJ. “This is not a time for play, Cindy. Papasukin mo ako at mag-uusap tayo nang seryoso.”

“Kahit kailan talaga, napakaarogante ng lalaking ito,” dinig niya bagaman pabulong na saad nito.

“What? You’re going to make me stand here all day?”

“Ano na naman ba’ng problema mo?” derechong tanong nito sa mahina pa ring boses habang binubuksan ang gate upang pumasok siya.

“Hindi ka na naman tumupad sa usapan, Cindy,” nag-uumigting ang ugat na paninita niya.

Lumalim ang kunot ng noo ng dalaga. “Anong usapan natin?” nagtataakang tanong nito.

Lalo siyang nainis. “You don’t remember? That was three days ago, you don’t remember what you

promised?” Pigil na pigil niya ang pagtaas ng boses.

“Alin? ‘Yung hindi ko ipagkakalat na tinanggihan ka na naman ng babaeng inalok mo ng kasal for the *second time*?’” panghuhula nito.

Mas lalo siyang nainis. Hindi naman nito kailangan pang sabihin ang mga salitang ‘second time’. Bakit ba kailangan pa nitong ipagdiinan iyon?

“Yes! *That!*” ani TJ na nagtitimpi sa kampanteng hitsura ng dalaga.

“Let me guess, kumalat sa sirkulo n’yo na tinanggihan *na naman* ang alok mong kasal at ako ulit ang may kasalanan niyon?” Idiniin pa ng kaharap ang ‘na naman’ na halatang nang-iinis talaga.

“You’ve got no compunction in saying that? Hindi ka man lang nagi-guilty sa kasalanan mo?” he retorted.

“Ano ‘ika mo? Ako lang talaga ang naisip mong may kasalanan? Ang lakas din naman ng bilib mo sa sarili para isipin ‘yan, Tantiangco. As if may pakialam ako sa ‘yo!’” anitong nakataas-kilay.

Nanatili silang nakatayo malapit sa gate habang nag-uusap. Hindi na naalala ni Cindy ang good manners na papasukin ang lalaki sa loob ng kanilang

tahanan dahil sa verbal fencing nila.

“Hah! And you think I believe you?”

“Naghahanap ka lang ba talaga ng kaaway? P’wede ba? Wala akong panahon sa mga walangkuwentang bagay!” asik ng babae.

“Ikaw ang nagpakalat niyon!” diin niya

“Bakit? May prueba ka ba?” hamon nito.

Natahimik si TJ. Totoo naman iyon. He didn’t give Cindy the benefit of the doubt. But he couldn’t. Because that would mean she was right. Kung tama ito ay mapipilitan siyang humingi ng tawad dito. At iyon ang hindi niya maatim na gawin! It was so easy to put the blame on her because she already betrayed him once.

“Don’t play coy with me, Cindy. You did it the last time. I trust Bettina implicitly, but you... You cannot be trusted. You told me so yourself; you’ll spread the news kahit na nangako ka sa akin na hindi ka magsasalita,” mabigat niyang sabi.

“Because that’s what you wanted to hear. Hindi mo naman hiningi ang paliwanag ko, di ba? Katulad ngayon. Basta mo lang ako sinugod noon at sa tindi ng inis ko, hinayaan na kita sa gusto mong isipin,”

katuwiran ng dalaga.

“You told your friend. Narinig kitang sinabi mo ‘yon sa kanya noon. And now you’re telling me you didn’t?” hamon niya.

TJ remembered that day very well. Galing siya sa practice ng team nila sa basketball nang mapadaan siya sa umbrella area kung saan lagi niyang nakikitang nakatambay si Cindy kasama ng kaibigan nito. Natatabingan siya ng firewall ng gymnasium noon kaya siguro hindi siya nito kaagad nakita. Narinig niya nang sabihin nito kay Cate ang lahat ng nangyari sa kanya at kay Shiela.

“Ano’ng pinagsasabi mo? Hindi nga ako ang nagkalat ng balita noon. Ang kulit mo, ha! Akala mo ba gusto ko ang mapapunta sa posisyon na maka-witness ng kahihyan ng ibang tao? Hindi mo ba naisip na iba ang mundong ginagalawan mo sa mundo ko?” deny pa rin ng dalaga na lalong ikinainit ng kanyang ulo.

“Puwes, kumalat ang balita and the damage has been done. Nakaabot na sa papa ko ang nangyari and you will help me control that damage you created.”

Hinawakan ni Cindy ang magkabilang sentido nito bago pumikit. Halatang-halata sa mukha nito

ang sobrang inis sa kanya.

“Alam mo, ang tigas ng ulo mo. At bakit kita tutulungan? *Hindi ako* ang nagkalat ng balita. How many times do I have to tell you that?” asik nito.

“You have to help me, Cindy. If you care to have your new loan approved,” pamba-blackmail pa niya.

He felt it. The ball was now in his hand. He was really enjoying their tirade.

“You wouldn’t dare...”

“Oh, I would,” determinadong tugon ni TJ.

“Why you... Ang sama-sama mo talaga!”

“You could go on with the name-calling, sweetheart. Pero gagawin mo pa rin ang sasabihin ko sa ‘yo. Tutulungan mo ako.”

“Hindi mo ako sweetheart!” tiim-bagang na turan niya.

“Cindy?”

Natigil siya sa bulungang pagtatalo ng dalaga dahil sa pagtawag ng Auntie Muriel nito na noon ay lumabas ng bahay.

“Bakit po, Auntie?” tanong nito na hinarap ang

matanda.

“Bakit nariyan lang kayong dalawa? Pumasok ka sa loob, TJ, at nang makapagmerienda ka naman.”

“Hindi na raw po, Auntie. Busog siya. Uuwi na nga siya ngayon, hindi ba, Mr. Tantiangco?” aniya, sabay baling sa binata.

Tumango siya, sabay nginitian ang matanda. “Sorry po, Tita, but I really have to go. I still have to meet somebody. Sa ibang araw na lamang po. Tatal po ay bibisitahin uli ako ng dalaga ninyo regarding important details. Hindi ba, Cindy?” saad ni TJ, sabay baling sa pamangkin ng matanda.

Fake ang ngiting kumawala sa mga labi ng dalaga. Mas pa ang ngiwi at gigil ang nakikita niya sa mga labi nito. He wanted to laugh but he suppressed it.

“Sige, pupunta ako,” anito.

“Don’t be late. And don’t go astray dahil baka may makita ka na namang hindi dapat,” birong totoo na sabi niya.

Sinimangutan lang siya ng dalaga na ginantahan ni TJ ng tawa. Nagpaalam na siya sa magtiya bago umalis.

# 3

May basket ng mga pagkain na dala-dala si Cinderella nang Lunes na iyon papunta sa opisina ni TJ.

Tumawag kasi ang binata kaninang umaga at sinabi nitong ipagdala raw niya ito ng tanghalian. At dahil may kailangan pa siya rito ay sinunod niya ang demand nito kahit labag sa loob niya.

Wala na ang sekretarya nito nang dumating siya sa opisina ng lalaki. Tumingin siya sa wristwatch: alas onse y media na. Iyon pala ang oras ng lunch break sa opisina ng mga ito. Walang nagawang kumatok na lamang siya pinto bago iyon binuksan.

Nakita niyang subsob sa trabaho si TJ at hindi man lang namalayan ang pagpasok niya sa office nito.

“Uy! ‘Andito na ako,” tawag-pansin niya rito.

Kunot-noong umangat ang ulo nito at tumingin sa kanya. Halatang mainit ang ulo ng mokong. Ano kaya ang problema nito? Sayang, napakaguwapo nito pero lagi namang nakakunot ang noo.

“Wala ka bang lunch break?” tanong ni Cindy.

Umangat ang isang kilay nito na para bang

sinasabi sa kanya na ‘siyempre meron’.

“Tatapusin ko lang ito,” sa halip ay sabi nito.

Inilibot niya ang mga mata sa paligid ng opisina. Nakita niya ang isang round conference table sa gawing kaliwa malapit sa pinto. Doon niya ipinatong ang basket na dala. Muli niyang tiningnan ang binata, pero parang hindi siya nag-e-exist sa paligid nito.

He was like that when they were in college. Dinaraan-daanan lang siya nito kapag pupunta ito sa gym para mag-practice ng basketball. Hindi ito kailanman lumingon sa kanya para ngitian o tingnan man lang. Like she didn’t exist.

Napabuntong-hininga si Cindy saka binalingan ang basket ng pagkain. Dahil walang gagawin, inilabas na lang niya ang mga pagkain. Walang sinabi ang lalaki kung anong pagkain ang dadalhin niya so she brought the foods that she liked to eat. Iyon din kasi ang specialty nila sa restaurant.

“Ano’ng dinala mo?” tanong ng TJ na nakalapit na pala sa kanya nang hindi niya namamalayan. “Walang steak?”

Pero bago pa siya makasagot ay bumakas muli ang pinto ng opisina. Si Georgina na pinsan ng binata at kaibigan niya ang iniluwa niyon.



“What is this, cousin? Lunch date sa loob ng opisina? And with Cindy? Wow! This is a phenomenon! A miracle!” exaggerated nitong sabi.

It amazed her that someone like George would befriend her. Hindi ang katulad nito na sosyal at glamoroso ang makikipagkaibigan sa mga simpleng taong katulad niya. Pero ito mismo ang lumapit sa kanya at sinabing gusto siyang maging kaibigan nito. Siya lang daw kasi sa campus nila ang hindi tinamaan ng charms ng pinsan nitong si TJ. They became very good friends after that. Ito ang isa sa mga pinakamalapit niyang kaibigan, sunod sa best friend at resident chef ng *Mariano's* na si Cate.

“Seemed like it,” patol naman dito ng magaling na lalaki na parang nawala na ang init ng ulo.

Matay man niyang isipin, hindi niya maintindihan ang mood ng kumag. Kanina suplado, ngayon naman mapagbiro. Na-tipus siguro ito noong bata pa.

“Tigilan n’yo nga akong dalawa. May dahilan ang pagpunta ko rito, George. ‘Yang magaling na pinsan mo lang na ‘yan ang nag-utos sa akin na magdala raw ng pagkain,” depensa niya.

“Sumunod ka naman,” nakakalokong sagot nito sa kanya.

“O, baka mag-away pa kayong dalawa, ha. Sawa na akong maging referee,” kaagad na saway ni George sa kanila.

Isa kasi ito sa malimit na maka-witness ng bungguan nila ni TJ noong nasa kolehiyo pa sila na natigil lamang nang maka-graduate na sila. Hindi na kasi nagtagpo ang landas nila ng magaling na lalaki. Pareho na silang naging busy sa kani-kanilang buhay.

“Ewan ko ba d’yan sa pinsan mo at parang gustung-gusto talaga na iniinis ako. Palibhasa, alam na may kailangan ako sa kanya kaya sinasamantala,” parunggit ni Cindy.

“I didn’t force you to bring the food,” ani TJ.

“Ewan ko sa ‘yo!’ inis na sabi niya. “George, pinsan mo ba talaga ang lalaking ito? Parang ang layo ng ugali sa ugali n’yo nina Tito Johnny, eh.”

Natatawa lang na lumapit sa kanila ang babae at sinilip ang mga nakahain. “What did you bring, friend? Wow! Grilled salmon! And creamy leche flan! You should try these all, TJ. Nawawala ako sa diet kapag mga luto na sa *Mariano’s* ang nakahain. Mga paboritong pagkain mo ito, hindi ba, Cindy?”

Tumango siya. “Hindi ko alam na pupunta ka rin dito. Sana pinagdala kita ng gusto mong pagkain.”

“TJ made me come here. I don’t know why, though. I’ll eat the grilled salmon and perhaps a bit of everything,” anito na sa mga pagkain nakatingin, with guilty pleasure in her eyes. “Hay, overtime na naman ako sa pagwo-workout nito sa gym mamaya.”

Malayong-malayo talaga ang ugali ni George kay TJ. Down-to-earth ang babae at magaling makisama sa kabila ng katayuan nito sa buhay. She openly admits that she was a ‘prinsesitang jologs’. Samantalang ang lalaki, he belonged up there na parang hindi puwedeng abutin ng mga simpleng tao na katulad lamang niya.

Alam na niya iyon, noon pa. Kaya hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit hanggang ngayon, may nararamdaman pa rin siyang kirot nang dahil doon.

---

“Pinapunta kita rito para linawin sa ‘yo ang tungkol kay Bettina,” seryosong sabi ni TJ matapos nilang kumain. Aminado siyang masarap ang pagkain pero hinding-hindi niya aaminin iyon sa dalawang babae. “Speak up, George.”

“So, ngayon pinapakinggan mo na ako?” saad ni George na may himig ng sarkasmo ang tinig. “I

wanted to tell you something about her, pero ayaw mo naman akong pakinggan noon. Lagi na lang siya ang bida sa mga mata mo. You know that I don't like that woman for you.

“Mabuti nga't hindi kayo nagkatuluyan although I couldn't understand why on earth would you be proposing to a woman like her? And you had to be dumped for the second time, cousin. Good for both of you that I made some sleuthing myself. Anong panama ni *Nancy Drew* sa akin?” nagmamalaki pang sabi nito.

“And?” magkasabay pa sila ni Cindy na nagsalita.

“It was Bettina. I even found out na hindi lang ito ang pagkakataong ikinuwento ka niya sa iba. She was destroying your reputation behind your back. In case you didn't know, couz, she was the one who spread rumors that you will not head the family business.”

“What!” nabibiglang sabi niya. “Ano'ng dahilan niya? Bakit niya ginagawa iyon?”

“Kita mo na, Tantiangco? Ang galing-galing mong sumunod sa bahay namin nang hindi mo inaalang ang buong istorya. Ano ngayon? Eh, di napatunayan ko sa ‘yong *wala* akong kasalanan?” nagmamalaki ang boses ni Cindy habang nanlalaki ang mga mata sa

kanya.

“I’m still finding out why she did that. Alam mong lantaran ang pagpapakita ko na hindi ko sya gusto para sa ‘yo kaya hindi kami close. Sa ngayon, napapabalitang nakikipag-date siya kay Ralph Buenavidez, you’re old archnemeses. If that’s related to why she did those things, aalamin ko pa. Mahihirapan akong malaman ang dahilan niya this time. Kung bakit iniisip mong mag-propose pa sa kanya, that eludes me,” sermon naman sa kanya ng pinsan niya.

Napatiim-bagang si TJ nang maalala ang dating kaklase. Ito rin ang dahilan kung bakit nakipag-break sa kanya ang dating girlfriend niya noon. Shiela said she loved Ralph.

“So, paano? Absuwelto ako sa kaso?” sabi naman ni Cindy na may eagerness sa tono.

Noon siya napatingin sa dalaga. Nakatokong at pink t-shirt lang ito habang naka-headband ang buhok, walang makeup maliban sa lip gloss at pulbos. Simpleng-simple ang hitsura pero refreshing sa mga mata. Parang teenager lamang ito samantalang alam niyang dalawang taon lang ang tanda niya rito. From her personal data, he knew she was twenty-six.

Hindi naman niya ikinakailang maganda ang babae, pero hindi ito ang tipo niya. Paano ay sobra namang taray at ayaw magpatalo sa diskusyon nila. Lalo na nang batiin siya nito kaninang ‘uy!’ lang. Hindi siya sanay sa ganoong bati. Sanay siya sa endearment na ‘darling, honey o sweetheart’. Sanay siyang siya ang nilalambing ng mga babae, pero ang babaeng ito, hindi niya naringgang tawaging siya sa una niyang pangalan.

The woman was pricking the proud side of him. Ayaw rin niyang magpatalo rito. Hindi niya maatim na magsabi ng ‘sorry’ o i-admit dito na maaaring mali ang inakala niyang kasalanan nito sa kanya seven years ago.

“May kailangan pa ako sa ‘yo bago ko ibigay ang kailangan mo kaya huwag ka munang maging komportable,” anang binata.

Kumunot ang noo nito. “Huwag mong sabihin sa akin na iho-hold mo na naman ang request namin para sa loan?”

“TJ! You were wrong in blaming Cindy. Admit it. Huwag mo nang gawing komplikado ang sitwasyon.” Si George naman ang nagsalita.

Pinigil niyang mapabuntong-hininga. Ngayon

niya nauunawaan kung bakit nagkasundo ang dalawa. Parehong matigas ang mga ulo ng mga ito.

Nagsalita si Cindy na pulang-pula ang mukha marahil sa pagkainis. “Ibang klase ka talaga, Tantiangco! Ano pa bang ka—”

“TJ,” putol niya.

“Ano ‘ika mo?’” anito na naguguluhang napatingin sa kanya.

“You should call me by my first name. It’s the polite thing to do when someone calls you by the first name, too,” pormal niyang sabi rito.

“Kung kaibigan kita, baka sakaling tawagin kita sa pangalan mo pero hindi kita kaibigan, Tantiangco. In fact, kaaway na ang turing ko sa ‘yo! Wala akong kasalanan sa ‘yo pero iniipit mo pa rin ako!” demand nito sa kanya.

“Tama si Cindy, TJ. How could you be so cruel?” susog ni George.

“Because she still owes me, dear cousin. Big time. Ang dati niyang kasalanan at ang utang-na-loob ng pamilya niya sa pamilya natin. Those are what she owes me. But I’m going to make you a deal, Cindy,” baling niya sa dalaga. “Gawan mo ako ng pabor at

kakalimutan ko ang lahat ng nangyari sa pagitan natin. Kasama pa d'on ang no question kong pag-approve sa loan n'yo."

Binigyan siya nito ng nagdududang tingin. "Anong pabor iyon?"

"Be my girlfriend."

Nasamid ang dalaga sa narinig habang halos lumuwa naman ang mga mata ni George na nakatingin sa kanya.

---

"Ate Cindy, nanghahaba na naman ang nguso mo," pansin sa kanya ng isa sa empleyado niyang si Jinky. Waitress ito sa *Mariano's*. "Dahil ba sa anak ni Tito Johnny? Pero balita ko, sabi mismo ni Tito Johnny, bagay na bagay raw kayo ng anak niya," dagdag na biro pa nito.

"Oo nga, saka sabi nila guwapo raw ang TJ Tantiangco na 'yon kaya sigurado akong bagay siya sa 'yo, Ate," sabi naman ng isang waiter nila na si Tony.

Nagagawa ng mga itong magbiro sa kanya nang ganoon dahil hindi na iba ang turing niya sa mga kasamahan niya sa restaurant. Para sa kanya, kasama na ang mga ito sa pamilya nila ni Auntie Muriel.



“Ano’ng pinagsasabi n’yong bagay kami ng kolokoy na ‘yun? Kung nakilala n’yo lang ang lalaking ‘yon... nakuuu!” gigil na turan niya.

Ang baliw na lalaking iyon! Ano ang akala nito sa sarili, regalo ng langit para sa mga babae?

*“Be my girlfriend...”*

Ano iyon? Ano ang gusto nitong patunayan sa sinabing iyon? Ipapaputol ng dalaga ang hinliliit niya, pero sigurado siyang may masama itong balak kaya nito sinabi iyon.

“Oy, Cindy, ang puso mo,” natatawang sabi sa kanya ni Cate. “Ganyang-ganyan ang hitsura mo n’ung college tayo kapag si TJ ang pinag-uusapan. Buti na lang at wala rito sina Uncle at Auntie dahil pumayag sila sa imbitasyon ni Tito Johnny na magbakasyon, kundi lagot ka lalo d’on sa pang-iinis.”

“Magkakaaltapresyon ako sa lalaking iyon, Cate! Maaga yata akong mamamatay nang dahil sa kanya!” reklamo niya sa kaibigan.

“And how many men have you met na p’wede nating ipantay kay TJ, ha? He’s a Tantiangco. Alam naman nating proud ang lalaking iyon. Intindihin mo na lang siya.”

“Bakit? Lisensya na ba ang pagiging Tantiangco para maging bastos at walang-modo saka magkaroon ng ubod ng samang ugali?” inis na tugon niya.

“Malay mo naman, style niya lang ‘yon para magpapansin sa ‘yo,” singit ng isang cook na si Aling Dora.

“Aling Dora, pati ba naman kayo? Wala ba akong kakampi rito?” nagmamaktol na sumbat niya nito.

“Alam mo, ‘Te, curious kaming malaman kung sino ba talaga ang TJ na ‘yan. Ngayon ka lang nagkomento ng ganyan sa ibang tao, eh. At sa anak pa ni Tito Johnny,” singit uli ni Jinky. “Parang ano, eh...” Tila bantulot pa itong sabihin ang nasa isip.

“Parang ano?” nakataas ang kilay na tanong niya dito.

“Para kayong may nakaraan,” pa-cute na sagot nito sa kanya.

Ang lakas ng tawa ni Cate dahil doon. “Tama ka, Jinky. May nakaraan nga silang dalawa.”

“Talaga? First boyfriend mo, ‘Te?” Si Tony naman ang nangulit.

“Hindi, ‘no! Teka, nakakahalata na ako sa inyo, ha! Inirereto n’yo ba ako sa lalaking iyon? P’wede

ba? Kung siya rin lang, huwag na!” Namumula na ang mukha niya dahil sa pinag-uusapan.

Tumawa uli ang matalik na kaibigan. Enjoy na enjoy ang bruha sa pagkapahiya niya. “Maniwala kayo sa babaeng ‘yan. Crush n’yan dati si TJ Tantiangco, eh,” tudyong nito.

“Cate!” saway niya sa kaibigan kasabay ng pagsisigawan nina Tony at Jinky sa tuwa dahil sa narinig.

“Sige, itanggi mo nang tamaan ka ng kidlat,” biro pa nito habang nanlalaki ang mga mata sa kanya.

Lumukot ang ilong niya. “Dati iyon, n’ung hindi ko pa alam kung ano ang tunay na ugali niya,” amin ni Cindy kasabay ng lalong pamumula ng mukha. “Ngayon... naku! Nunca na magustuhan ko ang lalaking iyon. Papabitin ko na lang ang sarili ko nang patiwarihan kaysa gustuhin pa siya,” nagawa naman niyang idagdag sa huli.

“Ate, huwag kang magsalita nang tapos. Baka mapaso ka, sige ka,” sumbat ni Tony. “Pero, teka, paano si Michael?”

“Wala na siyang pag-asa. May TJ na si Ate Cindy, eh.” Si Jinky ang sumagot doon.

“Baka gusto ninyong kayo ang pasuin ko?” aniya, sabay umang sa mga ito ng tissue dispenser.

Tumawa ang mga ito pero lumayo na sa kanya. Bago pa niya mahabol ang mga ito ay narinig niya ang isang tikhim na mula sa entrance. Sabay-sabay silang napatingin doon.

At naroon, nakatayo habang kaswal na nakapaloob sa bulsa ng pantalon ang dalawang kamay, showing his expansive chest, ang lalaking kanilang pinag-uusapan na amused na amused habang nakatitig sa kanya.

*Kainin sana ako ng lupa!* sabi ni Cindy sa sarili.

## 4

Hindi maipaliwanag ni TJ ang sarili kung bakit siya naroon ngayon sa *Mariano's*.

He was inside a bar that he usually frequented para magtanggap ng pagod, pero hindi mawala sa isip niya ang pagkabalisa. Na para bang dapat ay nasa ibang lugar siya. Hindi sa bar na iyon. Mas nakadagdag sa desisyon niya na umalis nang makita roon si Ralph na kasama si Bettina.

Kung kaya walang lingon-likod, umalis siya sa bar na iyon habang hindi pa napapagdesisyunan kung saan siya pupunta. At para bang may sariling isip ang mga kamay niya na ikinabig ang manibela nang makita ang kantong patungo sa *Mariano's*.

So he went there, and then he heard that unexpected news. May crush sa kanya noon si Cindy!

Ang pagod na nararamdaman ay kaagad na napalitan ng amusement sa panibagong kaalaman na iyon. He was flattered. Hindi nagbigay ng kahit kaunting indikasyon si Cindy na nagkagusto ito sa kanya. Ang nakatatak kasi sa isip niya ay ang katarayan nito.

“Sarado na po kami, Sir,” dinig niyang sabi ng babaeng nakasuot ng waitress uniform.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” sabi naman ni Cindy sa kanya. May bahid ng iritasyon sa boses nito.

Nginitian lang niya iyon. Nangibabaw sa kanya ang kagustuhang inisin pa ito lalo. Gustung-gusto niya ang pamumula ng mukha nito.

“I didn’t know you had a crush on me,” aniya na ngising-ngisi.

Narinig ni TJ ang pagsinghap ng mga naroroon. Nagsalubong ang dalawang kilay ng dalaga. “Kung iyan lang ang ipinunta mo rito, bukas ang pinto. P’wede ka nang umalis,” malamig na turan nito.

“She didn’t mean that, don’t believe her. I’m Cate, by the way, Cindy’s best friend and one of the resident chiefs of *Mariano’s*. You’re TJ, right?”

Nginitian niya ang chubby pero cute na babaeng nagpakilalang Cate. Naalala niyang ito ang pinagsabihan ni Cindy noon tungkol sa kanila ni Shiela habang nakatambay ang mga ito sa umbrella area. But he was feeling gallant tonight. Hindi na muna niya aalalahanin ang kasalanan sa kanya ni Cindy.

“Nice meeting you, Cate,” aniya.

“Sir, ang guwapo n’yo pala talaga. Kaya pala nagka-crush sa inyo si Ate Cindy,” singit ng waitress.

Napatawa siya dahil doon. “Thank you, I’m flattered.”

“Flattered-flattered ka d’yan,” pagtataray uli ni Cindy sa kanya bago bumaling sa mga katrabaho. “Oy, mga asungot, layo! Kung anu-ano ang pinagsasabi ninyo.”

Nagtawanan lang ang mga sinabihan nito.

“Sir, huwag kayong magpadala sa pagtataray ni Ate Cindy,” anang isang waiter. “Para lang ho ‘yang *M & M*, tough on the outside but soft in the inside.”

He silently agreed. How come nagagawang magbiro ng mga empleyado ni Cindy nang ganoon sa babae samantalang ito ang may-ari ng pinagtrabahuhan ng mga ito? Ibig sabihin niyon ay superficial lang ang katarayan ng pamangkin ni Auntie Muriel.

“Ano’ng nakakatawa?” singit ni Miss Taray sa isip niya. Kunot na kunot ang noo nito habang nakatingin sa kanya.

“Nothing, I just agreed with...” Natigilan si TJ

dahil hindi niya alam ang pangalan ng waiter.

“Tony, Sir.”

Nginitian niya ang lalaki. “Yes, with Tony.”

“Tama si Jinky, hijo. Bagay nga kayo nitong si Cindy namin—”

“Aling Dora, ‘wag n’yo nang ipilit ang hindi p’wede,” putol ni Cindy sa matandang babae sa mababang tono.

“Bakit hindi p’wede?” singit ni TJ.

“Ano ‘ika mo?’” baling nito sa kanya.

“I said, bakit hindi p’wede na maging tayo?”

Pinanlakihan siya nito ng mata. “Puwede ba, Tantiangco, huwag mo na akong inisin! Ang maganda mong magagawa ay alisin ‘yang mukha mo sa harapan ko.”

Gusto nang tumawa ni TJ nang malakas. Halatang-halata kasi sa babae na gusto na siya nitong sugurin. Actually, he couldn’t contain it anymore kung kaya tumawa na talaga siya. He was, as always, enjoying her annoyance.

“Wala akong nakikitang nakakatawa,” inis na sagot nito. “At ano ba talaga ang ipinunta mo rito?”



“You,” sagot niya habang nakangisi.

Nagsigawan naman ang mga kasamahan nito, pinakamalakas ang kina Tony at Jinky.

Tiningnan nito nang masama ang mga kasamahan bago nagpunta sa cashier’s area para kunin ang bag nito roon.

“Ewan ko sa inyo. Kayo na ang bahala d’yan. Aalis na ako,” paalam nito sa mga kasamahan bago naglakad papunta sa pinto, papalapit sa kanya. “Paraan,” mataray na namang sabi nito sa kanya.

“Ihahatid kita,” aniya nang hindi umaalis sa kinatatayuan.

Pinigilan ni TJ ang pagtawa nang makita ang pagkabigla sa mukha nito. Halata sa reaksyon ni Cindy na hindi nito inaasahan ang isasagot niya.

“Hay naku!” bulalas nito nang makahuma. “Huwag mo nga akong pinaglolo, Tantiangco! Alis d’yan!”

Ngumiti lang siya bago hinayaan itong makaraan. Tinanguan niya ang mga naiwan nitong kasamahan bago sinundan si Cindy.

“Hindi mo dapat iniiwan nang basta-basta ang isang lalaki kapag nagsabi siyang ihahatid ka niya.

Kaya pala hindi ka pa nagkaka-boyfriend kahit kailan. Daig mo pa ang matandang dalaga samantalang twenty-six ka pa lang naman,” aniya rito.

“Excuse me, hindi ko hinihingi ang opinion mo. P’wede bang tantanan mo na lang ako?”

“Ihahatid nga kita.”

“Hindi na kailangan. Kaya ko ang sarili ko,” pabale-walang sagot nito sa alok niya.

“May sasakyan ka ba?”

“Hindi rin kailangan. Malapit lang ang bahay namin dito.”

Hindi makapaniwalang napatingin siya rito. “Don’t you have a car of your own?”

“Hindi kasi kami katulad mong mayaman na kapag nagustuhan, p’wedeng bumili ng kahit ilang sasakyan. Isa pa, hindi naman importanteng magkar’on ako ng sarili kong sasakyan. Tama na ang van namin na pang-catering.”

“O, bakit hindi mo ginagamit ‘yon?”

Pinanlakihan siya nito ng mata. “Sayang ang gasoline kung gagamitin ko lang na personal service. Ang lapit lang ng sa amin, isang sakay lang sa jeep.

Minimum lang ang pamasaha. Ang mahal na kaya ng gasoline ngayon. Saka malapit lang kami sa bukana ng subdivision kaya hindi na rin ako maglalakad nang malayo,” sagot ni Cindy na parang naipaliwanag na sa kanya ang lahat.

Napapailing at walang sali-salitang hinalbot niya ang braso nito at hinila patungo sa kotse niya. Hindi niya ito hahayaang umuwing mag-isa.

He must have caught her by surprise dahil nagawa niya itong maisakay nang hindi ito nanlalaban. At dahil na rin siguro nag-react lang ito nang nasa loob na sila ng kotse niya.

“Palabasin mo ako rito, Tantiangco.” Nagbabanta ang tono nito.

“I won’t. Nang sinabi kong ihahatid kita, hindi ko hinihingi ang pagpayag mo. Ihahatid kita, sa ayaw mo at sa gusto. Gabi na at delikado sa isang babaeng katulad mo na umuwing mag-isa nang ganitong oras,” aniya sa pinatigas niyang tono para ipakita ritong he meant every word he said. “You should use your van. Hindi mahalaga ang makatipid if your personal safety is at stake.”

Natigilan ang dalaga pagkatapos ay humalukipkip na lang, sa pasasalamat niya. Hindi niya talaga ito

hahayaang umuwi nang mag-isa kahit ano pa ang gawin nito.

Hindi rin maintindihan ni TJ ang sarili, pero nang mga sandaling iyon ay hindi na kaaway ang tingin niya kay Cindy. Maybe because she was making him laugh. It had been a long time since he laughed that hard.

“Baka iniisip mong crush pa rin kita kaya ganito ang trato mo sa akin ngayon. May pahatid-hatid ka pa sa akin ngayon samantalang kung awayin mo ako at asarin, wala kang patawad,” masungit na basag ng babae sa katahimikan. “N’ung college lang kita naging crush, oy! N’ung hindi pa ako nauuntog at namulat sa katotohanan!”

Muli siyang tumawa. “So, inamin mo ring crush mo ako.”

Bumaling ang tingin nito sa labas na parang nanigas ang leeg.

“Noon.”

“Malay ko kung idine-deny mo lang uli ngayon,” pang-aasar niya.

“Ang taas ng pangarap mo, Tantiangco! Dito ka lang sa Earth, p’wede?”

“Ang taray mo talaga,” nailing niyang sabi habang nakangiti. Nilingon niya ito nang hindi nito sagutin ang komento niya. “O, hindi ka na nagsalita d’yan,” untag niya.

“Ikaw kasi, ang hilig mong mang-inis,” sisi ni Cindy sa kanya. “You’re always trying my patience.”

“Do I? O talaga lang o pikon ka,” aniya sa tonong nang-aasar. He couldn’t help it. He wanted a good laugh and the woman beside him was giving him that.

“Ayan ka na naman,” sita nito. “Wala ba talaga sa bokubularyo mo ang salitang ‘peace’? O talaga lang sigurong ‘alaskador’ ang secret name mo?”

Tuluyan na siyang natawa sa sinabi nito. “You amuse me, sweetheart.”

Umismid ito sa narinig. Muli siyang napangiti. Her expression was very unladylike but to his surprise, he didn’t mind it one bit.

“Tatawa-tawa pa. Akala mo guwapung-guwapo, hindi naman,” bubulong-bulong na sabi ng babae.

“Narinig ko ‘yon,” saad niya.

“Pinarinig ko talaga sa ‘yo. Para magtigil ka na. Alam ko na kung bakit ka nagpunta sa bahay ko, pero sinabi ko na sa ‘yo ang sagot ko noong nand’on pa

lang tayo sa opisina mo. No! No! No!” anito habang kumukumpas-kumpas pa ang kamay.

Ipinarada niya ang sasakyan sa harap ng bahay ng mga ito at hindi nagkomento. Hindi naman hinintay ng babae na ipagbukas niya ito ng pinto. Bumaba na si Cindy ng kotse saka tuloy-tuloy na naglakad papunta sa gate habang nakatungo upang hanapin ang susi sa bag.

Kaagad din siyang bumaba upang sundan si Cindy, pero bago pa niya ito malapitan ay nakita niya itong natapilok.

“Aw!” dinig niyang daing nito.

Nag-aalala, mabilis niya itong dinaluhan at inalalayang makatayo. “Easy,” aniya.

“Na-sprain yata ang paa ko,” anito sa dumadaing na tono.

“Kung bakit kasi hindi mo tinitingnan ang dinaraan mo,” sermon ni TJ. “Kaya mo bang maglakad?”

“Kaya ko. Pakibuksan na lang ang gate namin.”

“Okay, don’t move. Wait for me.” Kinuha niya ang susing iniaabot nito sa kanya bago ito iniwan saglit upang buksan ang gate. Nagpilit itong maglakad

ngunit bumalatay sa mukha nito ang sakit. Kaagad niya itong nilapitan.

“Di ba ang sabi ko, wait for me? Paano kung lumala ‘yan?” paalala niya.

Mataray na ang babae, matigas pa ang ulo. Independent-minded pero wala naman sa lugar. Nakakatuwa ito na nakakainis din. Would wonders never cease where this woman was concerned?

“Puwede ba? ‘Wag mo akong awayin sa pamamahay ko!” pagtataray na naman nito.

“Ang tigas kasi ng ulo mo. Okay, just lean on me, I’ll help you. Come, you can make it.”

She tried to make a step but he saw her wince in pain. Walang sabi-sabi, binuhat niya ang dalaga papasok sa loob ng bakuran.

“Hoy! Ano’ng ginagawa mo? Ibaba mo ako, Tantiangco! Sumosobra ka na!” tili ni Cindy.

“Will you shut up? Baka isipin ng mga kapitbahay mo kung ano na ang ginagawa ko sa ‘yo. And why are you so panicky? You didn’t like me this close to you, hmm?”

Tumaas ang isang kilay nito. “Sipa, gusto mo?”

“You just had a sprain, remember? You can’t kick me,” he retorted with a smirk.

“Suntok, p’wede,” hindi naman patatalong sagot ng babae.

“You can’t. I’m carrying you. I might lose my balance kapag ginawa mo ‘yon, baka pareho tayong matumba. I suppose this is the key to your door,” aniya, sabay kuha sa susi na hawak nito.

Walang kahirap-hirap na naipasok niya sa loob ng bahay ang dalaga. Binuksan nito ang ilaw bago sila nagtungo sa sala. Ibinaba niya ito sa sofa.

“Whew! Ang bigat mo,” aniya.

“Ikaw lang naman ang mapilit na buhatin ako,” namumulang balik nito.

Kumunot ang noo ni TJ nang makita ang ankle nitong nagsisimula nang mamaga. Ibig sabihin ay malakas ang impact niyon nang matumba kanina sa pagkatapilok.

“Tingnan mo nga ‘yang paa mo ‘tapos ipinagpipilitan mo pang ibaba kita. Paano ka n’yan? Dalhin na lang kaya kita sa hospital? Baka nabalian ka or something.”

“OA mo naman. Sprain lang, ospital na agad.



Kaya ko ang sarili ko, 'no!'

“Hindi ka nga makagalaw nang ayos, sasabihin mong kaya mo. Sino’ng kasama mo rito sa bahay? Ang auntie mo? Wala ka man lang bang kasambahay dito?”

“Meron pa kaming isang kasama, si Manang Inday, pero baka nagpapahinga na,” anito habang inaayos ang pagkakaupo sa sofa. “P’wede ka nang umuwi, okay na ako,” dagdag pa nito.

Pero hindi iyon pinansin ng binata at sa halip ay tinungo ang kusina na tanaw mula sa sala. Kumuha siya ng yelo sa refrigerator at binalot iyon sa nakitang tuwalyang hand dryer na nakasabit sa handle ng fridge. Binalikan niya si Cindy. Naupo siya sa center table na yari sa kahoy paharap sa dalaga.

“Come, I’ll put this on your ankle. Para umimpis ang pamamaga,” aniya.

“Ako na. ‘Wag ka nang mag-abala. Salamat na lang. Madadagdagan pa ang utang-na-loob kong sisingilin mo sa akin, eh,” tanggi pa rin nito habang pilit na inaabot mula sa kanya ang tuwalyang may yelo.

Napapalatak siya. “You are really stubborn. No wonder you never had a boyfriend,” sabi ni TJ, sabay

hawak sa binti nito at ipinatong iyon sa sariling hita. Gently, he put the cold compress on her swelling ankle.

“Pakialam mo naman sa personal kong buhay?” asik nito, nakataas ang isang kilay.

Pagkatapos niyon ay pilit nitong tinatanggal ang binti mula sa pagkakapatong sa hita niya na pinigilan naman niya. Siguro ay napalakas ang puwersa ng hilahan nilang dalawa kaya napaingit ang babae.

“Hold still, will you? I’m being a good Samaritan here. Just sit there and let me do the compress,” naiinis na saad ni TJ.

“Sinabi kong hindi mo na dapat gawin ‘yan. Bakit ba ang kulit mo?” singhal ng dalaga.

“Dahil hindi ako ang klase ng tao na walang pakialam sa iba lalo na’t alam kong kailangan nila ang tulong ko. Kahit gaano pa sila ka-proud at sobrang taray that they can’t just be grateful for the help extended to them. Now sit still,” seryoso nang pahayag ng lalaki. Paano ay totoong naiinis na siya sa inaakto nito.

Laking pasasalamat ni TJ nang hindi ito nagsalita para sagutin ang sinabi niya. He took his time attending to her swell. Ilang minuto pa ang nakalipas

ay saka niya napansin ang katahimikang naghari sa paligid. Nang tingnan niya ang dalaga ay nakita niya itong nakapikit.

“Hey,” untag niya. “Tinulugan mo ba ako?” aniya.

But she didn’t answer. Napansin niya ang mabining pagtaas at pagbaba ng dibdib ni Cindy. She was really sleeping. Dahan-dahan, inabot niya ang isang throw pillow at ipinatong iyon sa kinauupuan niya upang doon ilipat ang binti ng dalaga. Nilapitan niya ito upang i-check kung natutulog na nga.

He noticed her long eyelashes. They were so long and were framing her eyes. Ang balat nito ay napakakinis, kita niya ang maliliit na balahibo sa pisngi nito. Balahibong-pusa, they called it. He didn’t notice these before.

And her lips... Napalunok si TJ.

Bahagyang gumalaw si Cindy then she sighed a little while still sleeping. Nakita niya ang bahagyang pag-angat ng isang sulok ng labi nito. It was semblance of a smile. Para itong nananaginip habang natutulog.

Muling tumutok ang kanyang mga mata sa pinkish nitong mga labi.

He couldn’t understand himself why all of

sudden, he wanted to kiss those delectable lips.

Umangat ang kamay niya nang hindi niya iniisip. He wanted to touch those lips. He wanted to feel the smoothness there that his eyes could see.

Ngunit bago lumapat ang kamay ni TJ ay muli itong gumalaw. Automatic na lumayo iyon sa mga labi nito. Saka siya natilihan.

What was happening to him? Why was he acting strange? Nalilito sa sarili na kaagad siyang tumayo upang layuan si Cindy. Naupo siya sa pag-isahang sofa na medyo malayo rito. He felt like he had to distance himself. He had to control himself. Hindi siya dapat umakto pang hindi nag-iisip.

Tinitigan niya muli ang dalaga. Hindi niya nararamdaman na ligtas siya sa distansyang inilagay niya sa pagitan nilang dalawa, pero sa tingin niya ay sapat na iyon para kontrolin niya ang sarili.

He noticed her back then, noong college pa lang sila bagaman hindi pa niya alam ang pangalan nito. Girlfriend na niya si Shiela noon, when that young girl took his fancy. Una niya itong nakita nang makasalubong niya sa corridor patungo sa canteen ng eskuwelahan. He noticed that she was very pretty, he had that inclination to smile at her. Pero umiwas

ito ng tingin at lumigid pa na tila ayaw mapatabi sa kanya na para bang mayroon siyang sakit na nakakahawa.

Lagi rin niya itong nararaan sa umbrella area malapit sa gym ng school nila, pero ni hindi man lang siya nito pinapansin na tila ba wala siya sa paligid nito. Nasaling ang pride niya dahil doon. At pagkatapos nga ay ang insidente ng tungkol sa pagkaka-witness nito ng pagpo-propose niya kay Shiela. Then they regarded each other as enemies.

It was surprising for him, really. Hindi naman siya pumapatol sa babae lalo na't ilang taon ang tanda niya rito. But he noticed Cindy had a way of doing things to him he was not accustomed to. So he chose to stay away from her kaysa mawalan nang lubusan ang mga kagandahang-asal na pilit na itinuro sa kanya ng kanyang mama.

But not this time.

Gustuhin man niya o hindi, pero si Cindy ang nakikita niyang puwedeng makatulong sa kanya para maisalba ang napipintong pagkasira ng pagtingin sa kanya ng kanyang papa at company board dahil kay Bettina. She could pose as his girlfriend to earn their approval, especially his father's. Papaniwalain niya ang ama na hindi totoo ang mga tsismis na ikinakalat

*A Wedding Proposal - Ianne Lei Lauren*

---

ngayon ni Bettina at si Cindy ang totoong dahilan kung bakit sila naghiwalay ng dating girlfriend. Kapag nawala na ang ingay na dulot ni Bettina ay saka niya pakakawalan si Cindy.

He first needed her cooperation.

No. He first had to kill the urge to kiss the woman now sleeping in front of him, then control himself, then get Cindy's cooperation.

Kaya niyang gawin ang naunang dalawa. Ang huli ang sa tingin niya ay mahihirapan siya.

Pero kailan ba naman siya umurong sa isang challenge? Especially when the challenge was Cinderella Mariano herself?